

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 15 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 28 ABRIL, 2003, IKA 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG DARANGAY SAN ISIDRO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Batios - Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal King Philip B. Dimapilis

- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:



Konsehal Gemar C. Montesa

- Pangulo, Liga ng mga Barangay, OB
National Convention of ABC Presidents

KAPASYAHAN BLG. 040
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TALISPLISONG PASASALAMAT SA BARANGAY SAN ISIDRO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang ideos ang regular na sesyon sa ikalawa at ikaapat na Lunes ng bawat huan sa mga barangay ng bayang ito;
- SAPAGKA'T ang ikalimang barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Darangay San Isidro na ginanap ngayong Abril 28, 2003;
- SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng San Isidro at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyalogo ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong ikauunlad ng barangay;
- SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng San Isidro at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahaging ginagampanan;



SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng San Isidro sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Abril 28, 2003.

DAHIL DITO, mungkahi ni Koncehal Mae Arlene M. Talens na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapaslyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng San Isidro at sa mga mamamayan nito ang lauspusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Abril 28, 2003.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Isidro, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Rosalinda D. Candido para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 29 Abril 2003

PINATUTUNAYANG WASTO:



VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY.


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan


EDNA G. GAAD
05/05/03

merz/
042903